# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 2
## Modyul Blg. 8
## Sama-sama Tungo sa Kaunlaran

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nasubukan mo na bang maglinis ng bahay gamit ang walis tingting? Saan nakasalalay ang lakas nito? Kung aalisin mo ang bigkis na nagbubuklod sa kanila, makawawalis pa ba ito? Bakit?

Umaasa akong makikita mo ang kaugnayan ng mga aralin sa modyul na ito sa aral na makukuha mo sa halimbawang nabanggit.

Bawat tao'y nilikha ng DIyos na natatangi at iba sa kanyang kapwa. Kahit nga ang *identical twins* ay hindi maituturing na magkatulad sa lahat ng aspeto. Lalabas at lalabas ang pagkakaiba: sa hilig, gawi, paniniwala at adhikain sa buhay.

Possible bang makamit ang kaunlaran kung paiiralin natin ang pagkakaibang ito?

Sa palagay mo, paano natin magagamit ang mga pagkakaibang ito upang makamit ang pag-unlad ng bansa? Anu-anong pagpapahalaga ang dapat linangin upang tayo ay umunlad?

Inaasahan ko na sa iyong pagsagot sa iba't-ibang gawain sa modyul na ito, malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman at pagpapahalaga:

Nakikilala na ang sama-samang paggawa at pagkakaisa ay susi sa pag-unlad ng bansa (L.C 2.4)

A. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng sama-samang pagkilos at pagkakaisa
B. Nasusuri ang kaugnayan ng pagkakaisa at kaunlaran
C. Nakapagsasangguni ng paraan upang maitaguyod ang sama-samang paggawa at pagkakaisa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga pahayag at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Mayaman ang kulturang Pilipino, bunga ito ng:
    a. mahabang panahon ng pananakop ng mga dayuhan
    b. modernisasyon at industriyalisasyon
    c. nalinang na uri ng pamumuhay ng iba't-ibang pangkat ng Pilipino
    d. likas na yamang kaloob ng Diyos

2. Ang kalagayang heograpikal ng Pilipinas ay isa sa salik na nakapagdulot ng:
    a. Isang pambansang wika
    b. maunlad na sistema ng tele-komunikasyon
    c. kaunlarang pangkabuhayan sa bansa
    d. mayamang kultura at kasaysayan

3. Anong pagpapahalaga ang susi sa pagkakamit ng pambansang kaunlaran?
    a. pagkakaisa
    b. pagkamalikhain
    c. sipag
    d. tiyaga

4. Mahalaga sa pagkakaisa ng isang pangkat ang pagkakaroon ng:
    a. iisang tunguhin
    b. magkakaparehong opinion
    c. popular na pinuno
    d. pondong salapi

5. Ang malayang palitan ng kuro-kuro sa isang pangkat ay nakatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran sapagkat:
    a. nakikita kung sino sa mga kasapi ang mahusay magpaliwanag
    b. nailalahad ang mga isyu sa mga kasapi
    c. lumalabas ang iba't-ibang ideyang maaaring pagpilian at gamitin
    d. nagagamit ng mga kasapi ang pagkakataon upang sila'y makilala

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Basahin mabuti ang artikulo at sagutan ang mga katanungan.

Nagimbal ang buong daigdig sa balita ng lindol sa ilalim ng Indian Ocean na naganap noong Disyembre 26, 2004, 00:58:53 UTC,. Lumikha ang lindol na ito ng *tsunami* na itinuturing na pinakamapaminsala sa kasalukuyang panahon.

Tinatayang may magnitude ito na 9.0. Nagsimula ang lindol sa timog ng Simeulue Islands sa may hilagang Sumatra, Indonesia. Ang *tsunami* na nalikha nito ay sumira sa baybayin ng Indonesia, Malaysia, Sri-Lanka, timog India, Thailand at iba pang mga bansang nakaharap sa Indian Ocean.

Ipinapalagay na mula sa 228,000 hanggang 310,000 katao ang namatay dulot ng *tsunami* .

| Mga Bansang apektado | Bilang ng namatay | | Nasaktan (*injured*) | Nawawala (*missing*) | Nawalan ng tirahan (*displaced*) |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Confirmed* | *Estimated* | | | |
| Indonesia | 125,598 | 220,172 | 100,000 | 94,574 | 400,000-700,000 |
| Sri-Lanka | 30,957 | 38,195 | 15,686 | 5,637 | 573,000 |

| Mga Bansang apektado | Bilang ng namatay | | Nasaktan (*injured*) | Nawawala (*missing*) | Nawalan ng tirahan (*displaced*) |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Confirmed* | *Estimated* | | | |
| India | 10,749 | 16,413 | - | 5,640 | 3,800 |
| Thailand | 5,395 | 11,000 | 8,457 | 3001 | |
| Somalia | 298 | 298 | | | 5000 |
| Myanmar | 59 | 290-600 | 45 | 200 | 3,200 |
| Malaysia | 68-74 | 74 | 299 | | |
| Maldives | 82 | 188 | | 26 | 12,000-22,000 |
| Seychelles | 1-3 | 3 | | | |
| Tanzania | 10 | 10 | | | |
| Bangladesh | 2 | 2 | | | |
| South Africa | 4 | | | | |
| Kenya | 1 | 2 | | | |
| Yemen | 1 | 1 | | | |
| | 173,223+ | -286,880 | -125,000 | 109,078 | -1.5 |

Sipi mula sa http: // en. *wikipedia.org*

Sa laki ng saklaw ng napinsala, tinataya ni *U.N Sec General* Kofi Annan na ang *relief* at *humanitarian mission* sa mga bansang apektado ang maituturing na pinakamagastos sa kasaysayan. Maaaring umabot mula lima hanggang sampung taon ang rehabilitasyon.

Mabilis ang naging pagtugon ng mga bansa sa Europa, ng Australia at Japan sa pangyayaring ito. Agad silang nagpadala ng mga rescue, relief at humanitarian mission sa mga apektadong lugar.

Narito ang talaan ng tulong pinansyal na ipinagkaloob ng mga nabanggit. Tatlong araw matapos ang pangyayari, nagpadala ang U.S ng pinakamalaking *humanitarian mission* sa kanilang kasaysayan.

| Bansa/ Organisasyon | Halagang ipinagkaloob |
|---|---|
| Australia | 819.9M U.S $ |
| Germany | 660 M U.S $ |
| Japan | 500M U.S $ |
| Canada | 425 M Canadian $ |
| United States | 350 M U.S $ |
| World Bank | 250 M U.S $ |
| | |

## Sagutin Mo

1. Batay sa mga impormasyong inilahad, ano ang masasabi mo sa naging reaksyon at pagkilos ng mga bansa sa daigdig sa naganap na mapinsalang *tsunami* sa Indian Ocean?
2. Paano nila ipinakita ang sama-samang pagkilos?

3. Paano makatutulong sa mabilis na rehabilitasyon ng mga apektadong bansa ang ginagawang *humanitarian mission*? Paano ito magiging susi sa pagbangon at pag-unlad ng mga bansang nabanggit?

## Gawain Blg. 2

Matapos mong sagutan ang unang gawain, pagtuunan mo naman ng pansin ang mga pangyayari sa ating bansa. Sa kasalukuyan, malaking hadlang pa rin sa pagkakamit ng pagkakaisa at kaunlaran ang mga sumusunod:

Labis na pamumulitika

Mga pangkat ng rebeldeng lumalaban sa pamahalaan

Patuloy na paglaki ng agwat ng mayaman sa mahirap

Pag-iral ng *colonial mentality*

Labis na rehiyonalismo

Kung isa ka sa tagapayo ng Pangulo, anu-anong mga tiyak ng hakbang ang iyong isasangguni upang umiral ang pagkakaisa at malutas ang suliraning ito?

| Mga Suliranin | Tiyak na hakbang tungo sa pagkakamit ng pagkakaisa | Pagpapahalagang lilinangin sa taong kinauukulan |
|---|---|---|
| 1. Labis na pamumulitika | | |
| 2. Mga rebeldeng nasa armadong pakikibaka sa pamahalaan | | |
| 3. Patuloy na paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap | | |
| 4. *Colonial Mentality* | | |
| 5. Labis na rehiyonalismo ( Mas pinahahalagahan ang pagkabilang sa isang rehiyon bago ang pagiging Pilipino. Hal. Kapampangan, Ilocano, Bicolano, Ilonggo, Tagalog, at iba pa.) | | |

## Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga suliraning ito?
2. Bakit hadlang ang mga ito sa pagkakamit ng pagkakaisa at kaunlaran ng bansa?
3. Paano mo makatutulong ang sama-samang paggawa sa paglutas ng mga suliraning ito?

## Gawain Blg. 3

May mga pangkat na tumutulong sa sama-samang paggawa upang makapaglingkod at makatulong sa kapwa. Punan mo ang kaukulang kolum ng mga sagot na hinihingi.


| Samahan | Gawain | Kabutihang dulot |
|---|---|---|
| Philippine National Red Cross | • Pagtugon sa panahon ng kalamidad.<br>• Relief at rescue operations<br>• Misyong medical | • Pagliligtas ng buhay<br>• Pagtulong sa mga nangangailangan |
| Rotary Club International | | |
| GMA Kapuso Foundation | | |
| ABS-CBN's Bantay Bata Foundation<br><br>Bantay Kalikasan Foundation | | |
| Helping Hand Foundation | | |

**Sagutin Mo**

1. Ano ang magandang halimbawang ipinakikita ng mga samahang ito?
2. Paano nila isinasabuhay ang diwa ng sama-samang paggawa?
3. Paano sila nakatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran?

# IV. Ano Ang Iyong Natutuhan?

Ano ang mahalagang konseptong iyong natutuhan sa mga gawaing natapos? Sa tulong ng mga gabay na salita sa ibaba, isulat mo ang nabuo mong konsepto.




Konsepto:__________________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

Tulad ng nabanggit na sa panimula ng modyul na ito, ang bawat tao ay natatangi at kaiba sa kanyang kapwa. Ang mga pagkakaibang ito ang nagpapaganda at nagbibigay kulay sa araw-araw nating pamumuhay. Ang pagkakaiba rin ito ang dapat nagbibigay daan sa atin upang pahalagahan ang ating kapwa sapagkat maaaring ang kakulangan natin ay kalakasan naman niya. Ito ang magtuturo sa atin ng kahalagahan ng *symbiotic relationship at peaceful co-existence.*

Nakalulungkot isipin na sa halip na ganito ang mangyari ay ginagamit ng ilan ang pagkakaibang ito upang isulong ang kani-kanilang sariling interes.

Dapat nating isipin na anuman ang mangyari sa ating kapwa ay tiyak na may epekto ito sa atin.

Mahalaga ang sama-samang pagkilos at paggawa upang makamit natin ang pag-unlad.

Ang pangyayaring *tsunami* sa Indian Ocean at ang napakalaking pinsalang iniwan nito ay nagsilbing hamon sa sangkatauhan. Ang naging pagtugon ng maraming bansa ay kahanga-hanga. Ipinakita nila ang kanilang malasakit at pagmamahal sa kanilang kapwa. Alam ng mga bansang mayayaman na sila man ay maaapektuhan ng pagbagsak ng ekonomiyang pandaigdig kung hindi nila tutulungan ang mga bansang napinsala.

Ganito rin sana ang maging pagtugon natin mga Pilipino sa mga suliraning kinakaharap natin. Sa halip na magbangayan at magpagalingan, mahalagang sama-samang kumilos tungo sa pangmatagalang solusyon sa problema.

Ang nangyayaring kaguluhan sa ilang bahagi ng Mindanao ay patuloy na makahahadlang sa ating minimithing pag-unlad sapagkat banta ito sa seguridad at katahimikan. Hanggat hindi nakalilikha ng mapayapa at pangmatagalang solusyon sa labanan sa lugar na ito walang dayuhang negosyante ang maglalakas loob na mamuhunan sa bansa.

Mahalagang sama-samang kumilos ang bawat Pilipino. Isantabi ang mga personal na interes at ang kabutihang panlahat ang isipin.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Ang diwa ng bayanihan ay nararapat panatilihing buhay sa puso at isipan ng bawat Pilipino. Ang sama-samang paggawa ang susi sa pagkakamit ng ating minimithing kaunlaran.

Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa pagtataguyod ng sama-samang paggawa at pagkakaisa? Magbigay ng tiyak na hakbanging iyong isasagawa. Isulat ito sa mga nakalaang kahon . Magsimula ka sa ibaba.

| Kaunlaran |
|---|
| 5. |
| 4. |
| 3. |
| 2. |
| 1. |

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga pahayag at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Mayaman ang kulturang Pilipino, bunga ito ng:
    a. mahabang panahon ng pananakop ng mga dayuhan
    b. modernisasyon at industriyalisasyon
    c. nalinang na uri ng pamumuhay ng iba't-ibang pangkat ng Pilipino
    d. likas na yamang kaloob ng Diyos

2. Ang kalagayang heograpikal ng Pilipinas ay isa sa salik na nakapagdulot ng:
    a. Isang pambansang wika
    b. maunlad na sistema ng tele-komunikasyon
    c. kaunlarang pangkabuhayan sa bansa
    d. mayamang kultura at kasaysayan

3. Anong pagpapahalaga ang susi sa pagkakamit ng pambansang kaunlaran?
    a. pagkakaisa
    b. pagkamalikhain
    c. sipag
    d. tiyaga

4. Mahalaga sa pagkakaisa ng isang pangkat ang pagkakaroon ng:
    a. iisang tunguhin
    b. magkakaparehong opinion
    c. popular na pinuno
    d. pondong salapi

5. Ang malayang palitan ng kuro-kuro sa isang pangkat ay nakatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran sapagkat:
    a. nakikita kung sino sa mga kasapi ang mahusay magpaliwanag
    b. nailalahad ang mga isyu sa mga kasapi
    c. lumalabas ang iba't-ibang ideyang maaaring pagpilian at gamitin
    d. nagagamit ng mga kasapi ang pagkakataon upang sila'y makilala

## VIII. Mga Sanggunian


De Torre, Joseph M. *Social Morals: The Church Speaks on Society.* Manila Southeast Asian Science Foundation Inc. 1987

Moga, Michael D. *What Makes Man Truly Human.* Makati: St. Pauls. 1995


### Susi sa Pagwaswasto

A. Handa Ka na Ba?
1. c
2. d
3. a
4. a
5. c

B. Gaano Ka Natuto
1. c
2. d
3. a
4. a
5. c